# "Gumaling ang Lukemya Ko Dahil sa Panalangin na Lumalampas sa Panahon at Kalawakan"

**Kapatid na Mary Teresa** (France Manmin Church)


Si Mary Teresa (kaliwa) nang bumisita sa Korea para bumati at magpasalamat kay Dr. Jaerock Lee noong Agosto 2011
Si Virginia (kanan) na naglilingkod sa Manmin Central Church bilang Tagasalin sa wikang Pranses ng Pagsamba sa Linggo ng Gabi

Pitong taon na akong may sakit na lukemya. Sa simula pa lang ng taong 2000, madali na akong mapagod at ang kalagayan ko ay palala nang palala araw-araw. Kaya nagpasuri ako sa ospital. At nalaman kong may lukemya pala ako. Hindi ko ito inaasahan. Nagsimula akong uminom ng gamot at ginawa ko ang lahat para gumaling. Subalit walang pagbabago; mas lumala pa ang sakit ko. Pagkalipas ng isang taon, nasuring malalang-malala na ang lukemya ko.

Dahil malapit na akong mamatay, naalala ko ang anak kong si Virginia na nakatira sa Korea. Tinawagan ko siya para sabihin na may lukemya ako. Pero, hindi ko masabing malala na ito. Napakalungkot ko dahil inisip ko na nawalan na nga siya ng ama noong napakabata pa niya at ngayon ay malapit na ring mawala ang ina niya. Inisip kong mahihirapan siyang tanggapin ang situwasyong ito. Pagkatapos noon, patuloy na lumala ang karamdaman ko. Ni hindi ako makakaing mabuti at madalas akong nagsusuka. Naging napakahina ko.

Bago magkasakit, ang timbang ko ay 100 kilo (mga 220 libra). Subalit pababa nang pababa ang timbang ko at naging 38 kilo (mga 84 libra) na lang. Mukha akong buhay na bangkay. Isinuko ko ang lahat ng bagay at inayos ko ang lahat ng may kinalaman sa buhay ko. Ipinadala ko kay Virginia sa Korea ang testamento (huling habilin) ko at ang mga mahahalagang gamit. Ngunit ikinuwento niya ang iglesya niya, ang Manmin Central Church, at ang Punong Pastor na si Dr. Jaerock Lee. Sinabi niya sa akin ang tungkol sa maraming makapangyarihang gawain na nangyayari sa iglesya.

Sinabi niya na gagaling ako kahit hindi ako personal na ipanalangin ni Dr. Lee. Sinabi din niya na kung may pananalig na tatanggapin niya ang pananalangin sa litrato ko, gagaling ako. Hindi ko napigilang sabihin sa kanya, "Malapit na akong mamatay, hindi ko na kayang mabuhay." Subalit hindi natinag ang anak ko, sinabi niya, "Naniniwala akong pagagalingin ka ng Diyos."

Noong Mayo 2004, tinanggap ng anak ko ang panalangin ni Dr. Lee sa litrato ko. Pero walang naging pagbabago. Habang pinagninilayan ng anak ko ang Salita ng Diyos, naunawaan niya ang dahilan kung bakit hindi ako gumagaling. Ang pagsisisi pala at tapat na pananalangin ng taong may sakit ang kinakailangan para tumanggap ng paggaling. Sa madaling salita, ako dapat ang nagsisi at tumanggap ng panalangin nang may pananampalataya. Subalit hindi ganito ang nangyari sa amin. Umasa siya sa Diyos na sumasagot sa mga dalangin ng matuwid at lalong nagsumikap para tumanggap ng kasagutan. (Santiago 5:16)

Nagbasa siya ng Biblia at nagsaulo ng mga talata araw-araw. Iwinaksi niya ang mga maling gawain niya at kasamaan kapag may nakikita siya. Maalab din niyang inasahan ang paggaling ko kapag ipinapanalangin ako ni Dr. Lee o kaya kapag nagkakamay sila. Kahit na sinabihan na siya na kritikal ang kalagayan ko, pinanghawakan niya ang paniniwala na pagagalingin ako ng Diyos. Kaya mas pinili niya na maging malugod at mapagpasalamat. Ibinahagi din niya sa akin sa telepono ang Salita ng Diyos para manampalataya ako.

Unti-unting nabuksan ang puso ko ng pag-ibig at malasakit ng anak ko. Lumakas ang loob ko nang sabihin niyang, "Tiyak na pagagalingin ka ng Diyos, Inay! Mabubuhay ka!" Lumago nang lumago sa puso ko ang pananampalataya at pag-asa. At naramdaman kong bumubuti ang kalagayan ko. Noong 2006, naramdaman kong lumalakas na ang katawan ko at nagsimula nang madagdagan ang timbang ko. Malaking himala ito!

Noong Hunyo 11, 2007, nagpasuri ulit ako sa ospital at kagulat-gulat ang resulta. Walang nakitang bukol sa kahit na anong bahagi ng katawan ko. Nakita ng Diyos ang pananalig ng anak ko, na hindi man lang natinag. Binigyan Niya ako ng pananampalataya at pinagaling sa pamamagitan ng makapangyarihang panalangin ni Dr. Lee. Hallelujah!

# "Tinulungan Niya Akong Magkaroon ng Mabuting Puso at Ikinabit ang Nalagot Kong Litid"

**Kapatid na Wimin So**
(nasa unang taon sa Kolehiyong Pangmisyon)




Bago matapos ang Hunyo, kausap ko ang nanay ko habang nagmamaneho siya ng sasakyan. Sinasabihan niya ako na huwag magbabad sa telepono kapag dis-oras na nang gabi. Nagalit ako noon at gusto ko nang bumaba sa sasakyan. Nakita ko ang karatula na 'stop' kaya akala ko ay inihinto na ng nanay ko ang sasakyan. At bumaba na ako. Ang problema, umaandar pa pala ang sasakyan, mas mabilis pa sa inakala ko. Ang bukong-bukong ko ay napilipit at namaga nang husto. Hindi ko ito pinansin dahil dati na itong nangyayari sa akin.

Naglakad akong papilay-pilay at tiniis ang sakit. Tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee nang manalangin siya sa mga pagsamba at winisikan ko ito ng Muan Sweet Water. Pagkatapos, nakalakad na ako ng walang masakit na nararamdaman at nagawa ko ang tungkulin ko bilang miyembro ng grupo ng mananayaw sa Kolehiyong Pangmisyon. Nagpatuloy ang pamamaga kahit hindi na masakit.

Noong Agosto 23, sa wakas ay nagpunta na rin ako sa ospital para magpasuri. Sinabi ng doktor na nabanat ang isang litid sa paligid ng bukong-bukong ko at ang isa naman ay nalagot sa tatlong bahagi. Sinabi pa niya na maaari nilang ikabit ang mga nalagot na litid sa pamamagitan ng operasyon at gagamitan o papalitan ng laman o muscle. Subalit ayon sa kanya, hindi ito puwedeng gawin sa akin dahil napakaiksi ng litid ko at hindi maaaring ikabit kahit operahan pa ito. Nagpasalamat ako sa Diyos na tumulong sa akin para makalakad at makatalon kahit ganito ang bukong-bukong ko. Nagpasiya akong tanggapin ang lubos na pagpapagaling sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

Pinagsisihan kong nagalit ako sa nanay ko at nagsimulang iwaksi ang mga kasamaan tulad ng mainiting ulo at galit. Noong Biyernes, Setyembre 2, tinanggap ko ulit ang panalangin ni Dr. Lee at nakatiyak na gumaling na ako. Noong Setyembre 5, Lunes, nakita sa sonogram na bumalik na sa normal ang bukong-bukong ko. Hallelujah!

Lumago ang pananampalataya ko dahil dito at nagsilbing isang pinagpalang pagkakataon para madama ang pag-ibig ng Panginoon. Nagpapasalamat ako sa Diyos Ama, sa Panginoon, at kay Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na pinabuti ang puso ko at pinagaling ako.


Noon: Ang pamamaga sa litid niya


Ngayon: Nawala ang pamamaga: normal na ang litid

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Balitang Manmin

BILANG 51 DISYEMBRE 4, 2011

# Ang Maalab na Pagkilos ng Banal na Espiritu sa Republika ng Timog Sudan!




Sa Kumperensya at Krusadang ito, nagpasalamat at niluwalhati ng mga dumalo ang buhay na Diyos na nagpakita ng maraming mahimalang pagpapagaling at mga tanda.

## 30,000 Tao ang Nagtipon sa Krusadang may Panyo sa pangunguna ni Bishop Dr. Myongho Cheong, Tagapangulo ng Africa Assembly ng United Holiness Church of Jesus Christ



Sudan ang pinakamalaking bansa sa Africa. Sanhi ng patuloy na labanan sa bansang ito ang hindi pagkakaunawaan tungkol sa relihiyon at kultura. Ang Hilagang Sudan, kung saan ang mga Arabo ang nangingibabaw, ay laban sa Timog Sudan, na siyang tirahan ng mga katutubo. Pagkatapos ng digmaang sibil na tumagal ng 50 taon, humiwalay na ang Republika ng Timog Sudan sa Hilagang Sudan at naging malaya ito noong Hulyo, 2011.

Dahil sa kahirapang dala ng digmaan, nagdurusa pa rin sila hanggang ngayon. Ang mga tumakas patungo sa Hilagang Sudan ay nagsibalik sa kanilang mga bayan para maging malaya, subalit napunta sila sa 'refugee camp' na walang tirahan at pagkain. Nagkakamatay doon ang mga bata dahil sa 'yellow fever' at malaria.

Dahil sa hiling ni Daniel Awet Akot, ang Kinatawang Tagapagsalita ng Pambansang Kongreso ng Timog Sudan, nagdaos ng Kumperensya para sa mga Pastor at Krusadang may Panyo sa Juba, ang pangunahing lungsod. Pinangunahan ito ni Bishop Dr. Myongho Cheong, tagapangulo ng Africa Assembly ng United Holiness Church of Jesus Christ.


Noong Oktubre 28, nangaral si Bishop Dr. Cheong sa bulwagan ng Gusali ng Kongreso, Republika ng Timog Sudan. Ang mensahe niya ay tungkol sa Diyos na Manlilikha, kay Jesu-Cristo, at ang ministeryo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Dinaluhan ito ng mga pastor at mga miyembro ng Kongreso. Ipinanalangin ni Bishop Dr. Cheong ang pangulo at ang mga mamamayan. Noong araw ding iyon, nagturo siya tungkol sa Aklat ni Job sa isang kumperensya para sa mga pastor na idinaos sa Juba Christian Church. Dahil sa mga kaganapang iyon, maraming mga iglesya ang nagrehistro bilang mga sangay at katuwang na iglesya ng Manmin Central Church.

Noong Oktubre 29 at 30, dinaluhan ng tatlumpung libong tao ang idinaos na Krusadang may Panyo. Sa mensaheng batay sa Ang Mga Gawa 4:12 at Lucas 5:1-9, binigyang diin ni Bishop Dr. Cheong na ang kaligtasan ng tao ay sa pamamagitan lang ni Jesu-Cristo. At mararanasan ang kapangyarihan ng Diyos kapag magsisisi sa kasalanan. Pagkatapos nito, ipinanalangin niya ang mga may sakit gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Nagkaroon ng maraming patotoo dahil nakakita ang mga bulag, nakarinig ang mga bingi, at nakapagsalita ang mga pipi. Nagbunyi ang mga dumalo dahil sa mga taong nakapaglakad ng walang baston, saklay at silyang may gulong. Ang krusada ay naging isang pagdiriwang.

Nakilala ng mga tao sa Republika ng Timog Sudan ang buhay na Diyos na makapangyarihan kung kumilos, at nakita nila ang mga liwanag ng kapayapaan at pag-asa sa mga pagtitipon. Nagpadala ng plake ng pagpapahalaga kay Dr. Jaerock Lee ang Kinatawang Tagapagsalitang si Daniel Awet Akot. Humiling siyang magdaos ng Krusada ng Pagkakaisa sa Republika ng Timog Sudan.

## Inilathala sa Vietnam ang *Ang Mensahe ng Krus* at *Buhay Ko, Pananalig Ko I* sa Wikang Vietnamese

Sa pahintulot ng gobiyerno ng Socialist Republic ng Vietnam, inilathala ang sariling talambuhay ni Dr. Jaerock Lee na *Buhay Ko, Pananalig Ko I* at ang *Ang Mensahe ng Krus*. Sinabi ni Pastor David Nam, nagmiministeryo sa Ho Chi Minh Manmin Church sa Vietnam, "Isang himala ang makakuha ng pahintulot ng gobiyerno dito para mailathala ang isang librong pang-Cristiano. Niluluwalhati ko ang Diyos at ipinapaabot ang taos-pusong pasasalamat kay Dr. Lee at sa mga miyembro ng Manmin na nanalangin para sa amin."



# Katarungan, Pagkahabag, at Katapatan

"Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo! Mga mapagpaimbabaw! Ibinibigay ninyo ang ikapu ng gulaying walang halaga ngunit kinaliligtaan ninyong isagawa ang lalong mahahalagang aral sa Kautusan: ang katarungan, ang pagkahabag at ang katapatan. Tamang gawin ninyo ang mga ito, ngunit huwag naman ninyong kaliligtaan ang iba." (Mateo 23:23)

Noong panahon ni Jesus hindi lang Batas ang mahigpit na sinusunod ng mga eskriba at mga Fariseo kundi pati ang mga tradisyon ng mga matatanda. Dahil napakahigpit ng pagsunod nila sa batas, pati ang mga dahon at tangkay ng mga gulay ay binibilang nila sa handog nilang ikapu. Pinag-aralan nila ang batas at itinuro nila ito sa mga tao. At ipinagmalaki nila na sinusunod nilang mabuti ang mga utos ng Diyos.

At literal nilang sinusunod ito, subalit napabayaan nila ang katarungan, pagkahabag, at katapatan, na siyang pinakabuod nito. Ibinunyag ni Jesus ang kasakiman, kasamaan, at pagsuway nila na nakatago sa pagkukunwari nila, at kinagalitan Niya sila. Hindi sila nagsisi, sa halip, nilabanan nila si Jesus. Kabisado nila ang batas, subalit hindi nila naunawaan ang puso ng Diyos nang ibigay sa kanila ang batas.

## 1. Ang Kahulugan ng Katarungan, Pagkahabag, at Katapatan

Ang Katarungan ay ang pagsunod sa tama.

Kung titingnan sa panlabas, ang mga Fariseo at mga eskriba ay matuwid batay sa pamantayan ng batas. Mahigpit silang sumusunod sa utos ng Diyos. Subalit sa kalooban nila, palagi nilang iniisip kung paano sila tatanggap ng pagkilala at paggalang ng ibang tao. Sila ay mapagkunwari dahil palagi nilang pinagsisikapan na magmukhang matuwid sa mata ng ibang tao. Subalit ang mga puso nila ay puno ng kasalanan.

Sinasabi sa Mateo 23:5-7, "Ginagawa nila ang lahat ng kanilang mga gawa upang makita ng mga tao; sapagkat pinapalapad nila ang kanilang mga pilakteria, at pinapahaba ang mga laylayan ng kanilang mga damit. Gustung-gusto nila ang mararangal na lugar sa mga handaan at ang mga pangunahing upuan sa mga sinagoga, at ang pagbibigay-galang sa kanila sa mga pamilihan, at ang sila'y tawagin ng mga tao, 'Rabi'." Ang 'pilakteria' ay tumutukoy sa dalawang maliliit na kahon na gawa sa balat ng hayop na isinusuot ng mga lalaking Judio. May laman itong papel na may nakasulat na salita ng Diyos. Gumawa ang mga Fariseo ng mas malalaking pilakteria at binibitbit ito para ipagmalaki ang kabanalan nila. Sa simpleng salita, mas malaking Biblia ang dala-dala nila kaysa sa ibang tao. At kapag nag-aayuno sila, nagpapamukhang kawawa sila para ipaalam sa ibang tao. Sa panlabas, parang nagninilay-nilay sila sa salita ng Diyos, nananalangin, at nag-aayuno. Subalit sa puso nila, walang kabutihan at kagustuhang sundin ang tama.

Kumusta naman kayo? Hinihimok ko kayong suriin kung sinusunod ninyo ang salita para lang magmukhang matuwid sa mata ng ibang tao. Ang mga gumagawa ng kabutihan para sa Diyos ay palaging mabuti ang ikikilos kahit ano pa ang mga situwasyon at pangyayari. Susunod kayo sang-ayon sa salita, may nakakakita man o wala, mataas man ang posisyon ninyo o hindi, kapaki-pakinabang man o makakasama para sa inyo. Ito'y dahil alam ninyong nakatingin ang Diyos, at hindi ang tao. Bilang mga tunay na anak ng Diyos at mga espirituwal na manggagawa, sinusunod ninyo ang salita ng Diyos para pahalagahan ng Diyos at hindi ng tao. Namumuhay kayo sa salita ng Diyos dahil gusto ninyong mamuhay sa kabutihan at tularan Siya. Umaasa akong papangalagaan ninyo ang katarungan at mamumuhay nang may tunay na kabutihan.


Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Susunod, ang pagkahabag ay pagmamahal at kagandahang loob.

Malulugod ang Diyos sa pagsunod ninyo sa batas kung mayroon kayong pagmamahal sa puso at maganda ang kalooban ninyo. Una sa lahat, may pag-ibig dapat sa Diyos. Dumaing si Jesus na walang ganitong pagmamahal ang mga Fariseo at mga eskriba. Upang masunod nang lubos ang batas, kailangang may pagmamahal kayo sa kapwa at sa Diyos.

Sa Ebanghelyo ni Juan kabanata 8, may babaing iniharap kay Jesus ang mga eskriba at mga Fariseo na inaakusahan nila. Sinasabi sa Juan 8:4-5, "Guro, nahuli ang babaing ito sa akto ng pangangalunya. Sa kautusan ay ipinag-utos sa amin ni Moises na batuhin ang mga ganyan. Ano ngayon ang Iyong masasabi tungkol sa kanya?" Tamang batuhin siya batay sa batas ng Lumang Tipan. Subalit sa puso nila, gusto lang nilang subukan si Jesus kung ano ang igagawad na kaparusahan para sa babae. Wala silang bahid ng habag o awa ng Diyos para sa mga makasalanan.

Gusto ng Diyos na magligtas ng kahit isa pang kaluluwa. Kung mayroong bahid ng pag-ibig ng Diyos sa puso ninyo, mahahabag din kayo sa mga kaluluwang ito. Ayon sa batas, kailangang patayin ang mga makasalanan. Subalit pinatawad ng Diyos ang mga kasalanan natin sa pamamagitan ng pagsakripisyo ng Kanyang kaisa-isang Anak na si Jesus. Ipinamalas Niya ang pag-ibig para sa atin na higit o lampas pa kaysa sa katuwiran. Kung lubos nating papangalagaan ang habag sa puso natin, magagawa nating sumunod sa batas ng Diyos, at kabutihan lang ang ipapakita natin sa ating kapwa.

Panghuli, tinutukoy ng 'katapatan' ang pananalig natin sa Diyos.

Sinasabi sa Hebreo 11:6, "At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring kalugdan ng Diyos, sapagkat ang sinumang lumalapit sa Kanya ay dapat sumampalatayang may Diyos at Siya ang tagapagbigay-gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa Kanya." Akala ng mga Fariseo at mga eskriba na naniniwala sila sa Diyos, subalit hindi tunay ang paniniwala nila. Sinusunod nila ang mga utos, subalit pakitang tao lang ito para pahalagahan sila ng iba. Hindi nila iniisip ang Diyos na nalalaman ang kaibuturan ng puso nila. Kung tunay sa puso nila ang paniniwala sa Diyos, mananalig sila sa Kanya na tagapagbigay-gantimpala sa mga mabubuting gawa, at isasabuhay ang kabutihan ng may pag-asa.

Bibigyan ng Diyos ng mas magandang lugar sa langit ang mga magsisikap na makamit ito. Ang kahulugan ng 'magsisikap' ay tatanggihan ang mga makamundong bagay, pag-aaralan ang salita ng Diyos, mananalangin, at aasa sa Diyos. Mananalig sa Diyos na magbibigay sa inyo ng gantimpala kung isasabuhay ninyo ang salita Niya. Sa paraang ito, maiwawaksi ninyo ang mga kasalanan at tapat na makakapaglingkod ng may kagalakan. Dahil batid ninyo na mayroong tirahang itinatayo sa mas magandang lugar sa langit para sa inyo at mas maraming gantimpala ang naiipon. Umaasa akong susundin ninyo ang lahat ng utos ng Diyos na nagsasabi sa atin ng mga bagay na dapat gawin, hindi dapat gawin, ingatan, o iwaksi nang may pananalig at kagalakan.

Naipaliwanag ko na ang kahalagahan ng Katarungan, Pagkahabag, at Katapatan, subalit nangangahulugan ba ito na ang mga gawa ay hindi na mahalaga? Tulad ng sinabi ni Jesus sa mga talata, kailangang gawin ang mga bagay na ito nang hindi napapabayaan ang ibang gawain tulad ng pagkakaloob ng ikapu. Kung pinapangalagaan natin ang katarungan, pagkahabag, at katapatan sa puso natin, magagawa nating sumunod sa mga utos. Maaari kayong patuloy na mamuhay ayon sa salita ng Diyos. Makikita ng Diyos ang puso ninyo at gagabayan Niya kayo para mabilis at lubos ninyong maisagawa ang salita Niya sa buhay ninyo. Para mabilis ding lumago ang inyong pananalig. Sa kabilang banda, huwag ninyong isipin na isinasabuhay ninyo ang salita dahil naglilingkod kayo. Kung ganito ang mangyayari, baka hindi na lumago ang pananampalataya ninyo.

## 2. Paano Pangangalagaan ang Katarungan, Pagkahabag, at Katapatan

Sinasabi sa Jeremias 4:4, "Tuliin (Linisin) ninyo ang inyong mga sarili para sa PANGINOON, at inyong alisin ang maruming balat ng inyong puso, O mga taga-Juda at mga mamamayan ng Jerusalem." Ang kahulugan ng 'alisin ang maruming balat ng inyong puso' ay linisin ang puso na may mantsa ng mga kasalanan at kasamaan. Noong panahon ng Lumang Tipan ang pagtuli ay ginagawa sa pisikal na katawan. Sa Bagong Tipan, isinasagawa ang tunay na pagtuli na hindi pisikal kundi paglilinis ng puso. Sinabi sa Colosas 2:11, "Sa Kanya ay tinuli rin kayo ng pagtutuling hindi gawa ng mga kamay, sa pamamagitan ng paghuhubad ng katawang laman sa pagtutuli ni Cristo." Sa talatang ito, ang pagtanggal ng laman sa katawan ay pagtanggal ng dumi sa puso.

Mapapangalagaan natin ang katarungan, pagkahabag, at katapatan kapag tatanggalin natin ang maruruming kasalanan, kasamaan, at mga kabulukan, sa pamamagitan ng paglilinis ng puso natin. At huwag tayong hihinto sa kalagitnaan. Kung hindi tayo maglilinis ng puso natin, hindi tayo matututo ng salita, mananalangin, o maglilingkod ng tapat at buong puso. Kaya, kung lilinisin ninyo ang puso ninyo, aapaw ang galak sa buhay ninyo bawat araw. At dahil tinanggal ninyo ang karumihan ng puso ninyo, ang mabangong samyo ni Cristo ay malalanghap sa inyo (2 Mga Taga-Corinto 2:15).

Umaasa akong magiging tunay na mga anak kayo na maaaring papurihan dahil kayo ay maganda at nararapat sa kahit na anong ginagawa ninyo, para makapagbigay kayo ng galak sa Diyos.



# "Kumita Ka ng $31,000!"


Kapatid na Eunhae Goo
(Nasa ikaapat na taon ng Airline Secretarial Studies sa Dongyang University)

Ipinanganak ako sa isang pamilyang Cristiano. Nagsisimba ako dahil ito ang gusto ng mga magulang ko. Pero hindi ako tunay na Cristiano.

Noong Agosto 2008, napili ako bilang isang exchange student sa Qingdao University sa China. Gusto kong makawala sa pakikialam ng ibang tao. Nagsimula akong mamuhay nang malaya, walang pumipigil sa akin. Nabarkada ako at lumiban sa mga pagsamba kapag araw ng Linggo.

Isang buwan bago ako bumalik sa Korea, hindi ako makanguya nang mabuti. Hindi ako makapagsalita nang malinaw. Habang tumatagal, hindi na pantay ang mga ngipin ko sa itaas at sa ibaba.

Noong Enero 2009, nasuri ng isang ospital sa Seoul na mayroon akong malocclusion temporomandibular joint disorder (impeksyon sa panga na nakakabit sa bungo ng tao). Maliban sa mga bagang, lumaki ang puwang sa pagitan ng mga ngipin ko kaya hindi ko na maitikom ang bibig ko. Masyadong malala ang naging kalagayan ko.

Hindi ito maiayos ng braces lang, at kailangan akong maoperahan. Nalaman ko na gagastos ako ng $31,000 para sa operasyon ng isang bahagi lang ng panga ko. Sa huli, pinili kong magpalagay ng bakal sa gilagid sa halip na magpaopera. Napakahirap kumain, mag-aral, at kahit matulog.

Pagkalipas ng sampung buwan, sa bandang katapusan ng Marso 2010, nagpatingin ako sa doktor. Nasuring dalawang linggo nang magkahiwalay ang bracket (bakal) na ipinasok sa gilagid ko para maituwid ang ngipin ko. Sinabi ng doktor sa akin na walang saysay ang sampung buwang panggagamot sa akin. Sinabi niya na magpaopera na ako sa susunod na linggo. Napaiyak ako dahil sobrang tagal na ng pagdurusa ko sa sakit na ito.

Samantala, ibinalita sa akin ng tiyahin kong si Punong Diakonesang Myoungsook Kim ang tungkol sa makapangyarihang gawain na ipinapakita sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee. Habang nakikinig ako sa kanya, unti-unti akong nagkakaroon ng pananalig. Kaya kung minsan, ako at ang nanay ko ay dumadalo sa pagsamba sa Manmin Central Church at tumatanggap ng pananalangin ni Dr. Lee. Tinanggap ko rin ang panalangin niya sa Internet para sa mga may sakit. Naramdaman kong umuurong ang ngipin ko sa tuwing tatanggap ako ng panalangin niya. Nanalig akong pagagalingin ako ng Diyos.

Noong Marso 31, 2010, kami ng nanay ko ay dumalo sa isang krusadang may panyong nakakapagpagaling na idinaos sa Chuncheon Manmin Church (Ang Mga Gawa 19:12). Malaking biyaya sa akin ang makapagsisi sa lahat ng kasalanan ko, lalo na sa naging buhay ko noon sa China. Tinanggap ko ang panalanging may panyo mula sa tagapagsalita. Nag-init ang buong katawan ko at nakaramdam ako ng matinding sakit sa ngipin ko. Pagkatapos, tiningnan ko ito sa salamin. Kamangha-mangha dahil halos ayos na ang ngipin ko. Inayos ito ng Diyos sa pamamagitan ng apoy ng Banal na Espiritu, kaya maaaring ito ang dahilan ng matinding pananakit nito.

Noong Biyernes ng linggong iyon, nagpatingin ulit ako sa doktor. Sinuri niya ang ngipin ko at sinabing nagiging malusog na at malapit nang maging normal ulit ito. At sinabi pa niya, "Parang kumita ka ng $31,000, ang halaga kung ipinaopera mo ito." Noong nakaraang linggo lang, kailangan kong magpaopera, pero ngayon, hindi ko na ito kailangan. Hallelujah!

Sa katunayan, kahit nagpaopera ako kailangan ko pa ring magsuot ng braces sa loob ng anim o pitong taon. Pero gumaling ako sa sa loob ng ilang buwan lang. Nagpapasalamat ako sa Diyos. Noong araw ding iyon, nagpunta ako sa Seoul para dumalo sa Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes at nagbigay ako ng patotoo kay Dr. Jaerock Lee. Siya ay nalugod at muli akong ipinanalangin. Magmula noon, mas naayos pa ang mga ngipin ko. Hindi ko na kailangang mag-brace.

May isa pa akong hindi pangkaraniwang patotoo. Nagbago ang hugis ng mukha ko sa pagdalo ko sa 'Magkakasunod na Dalawang Terminong Espesyal na Pulong Panalanging Daniel'. Dati ang mukha ko ay patulis na parang nakabaliktad na tatsulok. Hindi ito magandang tingnan kapag nakatali ang buhok ko sa likuran. Ngayon ay hugis-itlog na ang mukha ko kaya naitatali ko na ang buhok ko sa likuran. Taos-puso akong nagpapasalamat sa Panginoon na pinayagan ang taong katulad ko na maranasan ang Kanyang dakilang pagkilos kahit binalewala ko ang Salita ng Diyos. Ako ngayon ay mananampalatayang katulad ng trigo.


Ooperahan sana siya at magsusuot ng brace sa loob ng 6 – 7 taon dahil hindi maisaayos ang ngipin niya sa anumang paraan. Pagkatapos niyang tumanggap ng panalangin, napantay ang ngipin niya at naayos ito.

# "Binuhay Muli ng Makapangyarihang Panyo ang Isang Babaing Nag-aagaw-buhay"



Pastor Worapon Yingwatanakun (Chai Prakan Manmin Church, Taylandiya)

Noong Abril 19, 2011, nakatanggap ako ng tawag sa telepono mula sa isang miyembro ng iglesya. inabi niya na ang 17 taong gulang na pinsan niyang si Rotchana Pongsuk, na nakatira sa Muangsat, Myanmar ay naaksidente sa sasakyan at isang linggo nang naka-coma. Nakapunta siya sa Thailand sa tulong ng mga guwardya.

Noong Abril 21, nang una ko siyang makita, wala siyang malay at paralisado ang buong katawan. tinakbo namin siya sa Maeai Hospital. Sinabihan kami ng mga doktor na dalhin namin siya sa mas malaking ospital kaya inilipat namin siya Chiang Lai. Ayon sa doktor, kailangan siyang maoperahan dahil maraming namuong dugo sa katawan niya. Tinawagan ko ang misyonerong si Jaewon Lee at ang asawa niya para hilingin na ipanalangin ang pinsan ko. Agad silang pumunta sa amin at nanalangin na may panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19: 11-12). Nagulat ako dahil iminulat niya ang mga mata niya at humawak sa mga kamay ng misyonerong Lee na nananalangin para sa kanya. Hallelujah!

Hindi nagtagal, bumuti ang kalagayan niya at inilipat na siya sa Maeai Hospital. Sinabi ng doktor niya, "Nagkamalay na siya, pero lubos na napinsala ang utak niya. Magiging baldado siya." Sa kabila ng sinabi ng doktor, may pananampalataya kaming ipinanalangin pa rin ng dalawang beses ang pinsan ko gamit ang panyong makapangyarihan. Pagkatapos, nakapagsalita na siya at unti-unting nakalakad. Nakakalakad na siyang mag-isa ngayon at hindi na siya nahihirapan. Higit sa lahat, nakamit niya ang tunay na buhay dahil naging Cristiano siya. Nagpapasalamat at niluluwalhati namin ang Diyos Ama na nagpamalas ng kamangha-manghang pagkilos!


Rotchana Pongsuk, ang babaing taga-Myanmar na nagkaroon ng bagong buhay dahil sa panalanging may panyo